



ASA PA!

G. Leo-Martin R. Ocampo, OP

Dumating ka na ba sa puntong sinabi mo na tama na? “Nagawa at naibigay ko na ang lahat. Wala nang pag-asa.” O tulad nga ng sabi nila, “Asa pa!” Halos nasa ganitong punto na ang dalawang tauhang nakatagpo ni Hesus sa Ebanghelyo ngayon. Ngunit hindi sila bumitiw. Patuloy silang kumapit at sumampalataya sa kanya.

Ang una ay isang babaeng inaagasan ng dugo. Sa aklat ng Levitico, ito ay itinuturing, hindi lang bilang isang pisikal na karamdaman, ngunit isa ring espiritwal na karumihan (15: 25-27). Bukod sa matinding epekto nito sa kanyang kalusugan, pinandirihan at iniwasan din ang mga nasa ganitong kalagayan. Kaya’t gayon na lamang ang pagnanais niyang gumaling. Labindalawang taon niya nang iniinda ito at kung kani-kaninong manggagamot na siya lumapit. Naubos na ang kanyang kabuhayan, ngunit walang nakatulong sa kanya. Asa pa!

Ang ikalawa naman ay isang opisyal sa sinagoga na nagngangalang Jairo. Naghihingalo ang kanyang anak ngunit sa halip na samahan ito sa kanyang mga huling sandali, mas pinili niyang magbaka-sakali at pumunta kay Hesus. Mistulang nagkamali siya sa kanyang desisyon dahil pauwi pa lang sila, sinalubong siya ng balitang pumanaw na ang kaniyang anak. Ngunit nagpumilit pa rin siyang isama si Hesus. Pagdating nila sa bahay, malakas na iyakan ang sumalubong sa kanila. Tumuloy pa rin sila. Sa kabila ng sinabi ni Hesus na natutulog lang ito, walang naniwala at sa halip ay kinutya pa siya. Asa pa!

Ngunit hindi sila nawalan ng pag-asa. Bagama’t pinandirihan siya ng mga tao, gumawa ng paraan ang babae upang lihim na makalapit kay Hesus. Ni hindi na siya nangahas makiusap at sinikap na lang mahawakan, kahit man lang ang laylayan ng kanyang damit. Bagamat ilang ulit na siyang

sinabihan na mamamatay na o patay na ang kanyang anak, hindi sumuko si Jairo bilang isang magulang na handang gawin ang lahat para gumaling ito. Nanalig pa rin sila kay Hesus at hindi nabigo ang kanilang pag-asa.

Minsan sa ating buhay, sadyang napakabigat at mistulang napakatagal ng mga pinagdaraan nating pagsubok. Kay daling sumuko at bumitiw na lang, lalo na kung lahat ng tao sa paligid mo ay nagsasabing wala ka nang pag-asa. Asa pa!

Sa halip na sumuko sa ating mga problema, isuko natin ang lahat sa Panginoon. Kung kaya niyang buhayin maging ang patay, walang sakit ang hindi niya kayang pagalingin at walang suliranin ang hindi niya kayang lutasin sa kanyang takdang paraan at panahon. Gaano man kabigat, katagal, o kalaki ang iyong problemang kinakaharap, hinding-hindi niya tayo bibiguin. Kaya, asa pa!

PASIMULA

Antipona sa Pagpasok

(Slm 47:1)

(Basahin kung walang pambungad na awit.)

Lahat ng mga nilikha, pumalakpak nang may tuwa sa Amang D'yos na Maygawa, purihin s'ya sa salita 'pagkat siya ang Lumikha.

Pagbati

(Gawin dito ang tanda ng krus.)

P—Sumainyo ang Panginoon.

B—At sumainyo rin.

Paunang Salita

(Maaaring gamitin ito o kahalintulad na pahayag.)

P—Sa ebanghelyo makikita natin si Hesus na nagpapagaling sa isang babae at bumubuhay sa isang batang namatay na. Bagamat ang kamatayan ay bahagi na ng ating buhay, hindi niloob ng Diyos na tuluyang maglaho ang tao pagkatapos pumanaw sa daigdig. Isinugo ng Ama ang kanyang Anak upang puksain ang kamatayan at ipagkaloob sa atin ang pangako ng buhay na walang hanggan.

Pagsisisi

P—Mga kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan upang tayo'y maging marapat gumanap sa banal na pagdiriwang. *(Tumahimik)*

P—Sinugong Tagapagligtas sa mga nagsisisi: Panginoon, kaawaan mo kami.

B—Panginoon, kaawaan mo kami.

P—Dumating na Tagapag-anya yang mga makasalana'y magsisi: Kristo, kaawaan mo kami.

B—Kristo, kaawaan mo kami.

P—Nakaluklok ka sa kanan ng Diyos Ama para ipamagitan kami: Panginoon, kaawaan mo kami.

B—Panginoon, kaawaan mo kami.

P—Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B—Amen.

Gloria

Papuri sa Diyos sa kaitaan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinaranggal ka namin, sinasamba ka namin,

ipinagbubunyi ka namin, pinasalamatan ka namin dahil sa dakila mong anging kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Panginoong Jesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.

Pambungad na Panalangin

P—Manalangin tayo. *(Tumahimik)*

Ama naming makapangyarihan, kaming iyong mga kinupkop ay niloob mong maging mga anak sa liwanag mong kaloob. Huwag mong ipahintulot na sa katiwalian kami ay masangkot. Panatilihin mo kaming nagliliwanag sa iyong katapatang lubos na sumisikat sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen.

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa

(Kar 1:13–15; 2:23–24) (Umupo)

Kalooban ng Diyos ang buhay, hindi kamatayan. Dahil sa pakana ng diyablo, nakapasok ang kamatayan sa mundo, subalit dadaig in ito ng pananampalataya kay Hesus.

Pagbasa mula sa aklat ng Karunungan

ANG KAMATAYAN ay hindi likha ng Diyos, ang pagkamatay ng alinmang may buhay ay hindi niya ikinalulugod. Ginawa niya ang bawat nilalang upang magpatuloy, at lahat ng nilalang niya ay mabuti at mahusay. Wala silang kamandag na nakamamatay. Ang kamatayan ay di naghahari sa daigdig na ito, sapagkat ang katarungan ng Diyos ay walang kamatayan. Pagkat ang tao'y hindi nilikha ng Diyos para

mamatay, kundi para maging larawan niyang buhay. Ngunit dahil sa pakana ng diyablo, nakapasok ang kamatayan at ito ang kahihinatnan ng mga napailalim sa kanya.

—Ang Salita ng Diyos.

B—Salamat sa Diyos.

Salmong Tugunan (Slm 29)

T—Poong sa aki'y nagligtas, ang dangal mo'y aking galak.

D B Em
Po - ong sa a - ki'y
A
nag - lig - tas, ang da - ngal
D
mo'y a - king ga - lak.

1. O Panginoon ko,/ sa iyong ginawa, kita'y pinupuri't ako'y iniligtas,/ kaya ang kaaway ay di na nakuhang matuwa't magalak./ Mula sa libingang daigdig ng patay,/ hinango mo ako at muling binuhay;/ ako, na kasama nilang napabaon sa kailaliman. (T)

2. Purihin ang Poon,/ siya ay awitan ng lahat ng tapat na mga hinirang./ Iyong gunitain ang mga ginawa ng Diyos na Banal,/ ang kanyang ginawa ay alalahanin at pasalamat!/ Hindi nagtatagal yaong kanyang galit,/ at ang kabutihan niya'y walang wakas./ Ang abang may hapis at tigmak sa luha sa buong magdamag,/ sa bukung-liwayway ay wala nang lungkot, kapalit ay galak. (T)

3. Kaya't ako'y dinggin/ ikaw ay mahabag sa akin, O Poon, ako ay pakinggan./ Mahabag ka, Poon! Ako ay dinggin mo at iyong tulungan./ Nadama ko'y galak nang iyong hubarin ang aking panluksa./ Sa pasalamat sa iyo, O Poon, ay di magsasawa. (T)

Ikalawang Pagbasa

(2 Cor 8:7, 9, 13–15)

Pinakiusapan ni Pablo ang mga taga-Corinto. Sapagkat ang Diyos ay nananahanan sa kanila, sila ay dapat ring maging maging kabahagi ng kanilang mga kapaid.

Pagbasa mula sa sulat sa Ikalawang sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Corinto

MGA KAPATID: Kayo’y tanyag sa pananampalataya, sa pagpapahayag, sa kaalaman, sa kasipagan, at sa inyong pag-ibig sa amin. Sikapin din ninyong manguna kayo sa pagkakawangawa.

Alam ninyo kung gaano kalaki ang pag-ibig ng ating Panginoong Jesukristo na bagamat mayaman ay nagpakadukha upang yumaman kayo sa pamamagitan ng kanyang karukhaan.

Hindi sa ibig kong magaanan ang iba at mabigatan naman kayo. Masagana naman kayo ngayon; marapat lamang na tulungan ninyo ang mga nangangailangan. Kung kayo naman ang mangailangan at sila’y managana, sila naman ang tutulong sa inyo. Sa gayun, pareho kayong nakatulong sa isa’t isa at naganap sa inyo ang sinabi sa Kasulatan: “Ang nagtipon ng marami ay hindi lumabis, at ang nagtipon ng kaunti ay hindi naman kinulang.”

—Ang Salita ng Diyos.

B—Salamat sa Diyos.

Aleluya (2 Tm 1:10) (*Tumayo*)

B—Aleluya! Aleluya! Si Kristo ay nagtagumpay nalupig ang kamatayan nagingning ang pagkabuhay. Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita (Mc 5:21–43)

P—Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Marcos
B—Papuri sa iyo, Panginoon.

NOONG panahong iyon, muling tumawid si Hesus sa ibayo ng Lawa ng Galilea, nakasakay sa bangka. Nasa baybay pa siya ng lawa ay pinagkalipumpunan na siya ng maraming tao. Dumating ang isang lalaking nagngangalang Jairo, isang tagapamahala ng sinagoga. Pagkakita kay Hesus, siya’y nagpatirapa sa kanyang paanan, at ang samo: “Agawbuhay po ang anak kong dalagita. Kung maaari, sumama kayo sa akin at ipatong ninyo sa kanya ang inyong kamay upang siya’y gumaling at mabuhay!” Sumama naman si Hesus. At sinundan siya ng napakaraming taong nagsisiksikan, anupa’t halos maipit na siya.

May isang babae roon na labindalawang taon nang dinudugo, at lubhang nahihirapan.

Marami nang manggagamot ang tumingin sa kanya, at naubos na sa kapapagamot ang kanyang ariarian, ngunit hindi siya napabuti kahit kaunti bagkus ay lalong lumubha. Narinig niya ang sinasabi ng mga tao tungkol kay Hesus, kaya’t nakipagsiksikan siya hanggang sa makalapit sa likuran ni Hesus. At hinipo niya ang damit nito. Sapagkat sinabi niya sa sarili, “Mahipo ko lang ang kanyang damit ay gagaling na ako.” Biglang tumigil ang kanyang pagdudugo at naramdaman niyang magaling na siya. Naramdaman naman ni Hesus na may kapangyarihang lumabas sa kanya, kaya’t bumaling siya sa mga tao at nagtanong, “Sino ang humipo sa akin?” Sumagot ang kanyang mga alagad, “Nakikita po ninyong nagsisiksikan ang napakaraming tao, bakit itinatanong ninyo kung sino ang humipo sa inyo?” Subalit patuloy na lumingaling si Hesus, hinahanap ang humipo sa kanya. Palibhasa’y alam ng babae ang nangyari, siya’y nanginginig sa takot na lumapit kay Hesus, nagpatirapa, at ipinagtapat ang buong katotohanan. Sinabi sa kanya ni Hesus, “Anak, pinagaling ka ng iyong pananalig sa akin. Umuwi ka na’t ipanagat mo ang iyong kalooban. Lubusan ka nang magaling sa iyong karamdaman.”

Samantalang nagsasalita pa si Hesus, may ilang dumating mula sa bahay ni Jairo. “Patay na po ang anak ninyo,” sabi nila. “Bakit pa ninyo aabalahan ang Guro?” Hindi pinansin ni Hesus ang kanilang sinabi, sa halip ay sinabi sa tagapamahala, “Huwag kang mabagabag, manalig ka.” At wala siyang isinama kundi si Pedro at ang magkapatid na Santiago at Juan. Nang dumating sila sa bahay ng tagapamahala, nakita ni Hesus na gulung-gulo ang mga tao; may mga nananangis pa at nananaghoy. Pagpasok niya ay kanyang sinabi, “Bakit kayo nagkakagulo at nananangis? Hindi patay ang bata; natutulog lamang!” Ngunit pinagtawanan siya ng mga tao. Pinalabas niya ang lahat, maliban sa ama’t ina ng bata at sa tatlong alagad, at sila’y pumasok sa kinaroroonan ng bata. Hinawakan niya ito sa kamay at sinabi, “*Talita kumi,*” na ang ibig sabih’y “Ineng, sinasabi

ko sa iyo, magbangon ka!” Pagdaka’y bumangon ang bata at lumakad. Siya’y labindalawang taon na. At namangha ang lahat. Mahigpit na ipinagbiling ni Hesus na huwag ipaalam ito kaninuman; at iniutos niyang bigyan ng pagkain ang bata.

—Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

B—Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.

Homiliya (*Umupo*)

Pagpapahayag ng Pananampalataya (*Tumayo*)

B—Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Jesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat, nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao, nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao, at sa buhay na walang hanggan. Amen.

Panalangin ng Bayan

P—Ipanalangin natin sa Diyos Ama ang lahat ng mga mahal natin sa buhay na may karamdaman. Magsumamo tayo at hingin natin ang pagpapagaling mula sa Diyos. Manalangin tayo:

T—Panginoon ng buhay, dinggin mo ang aming panalangin.

L—Para sa Simbahan: ipagpatuloy nawa niya ang gawain ng pagpapagaling ni Hesus sa pamamagitan ng mga sakramento at pagkakawangawa. Manalangin tayo: **(T)**

L—Para sa mga doktor, mga nars, at lahat ng nag-aalaga sa maysakit: patuloy nawa silang maging mahabagin at mapagmalasakit sa mga maysakit. Manalangin tayo: **(T)**

L—Para sa buong daigidig: Malam pansan nawa natin ang mga pagsubok hatid ng pandemyang CoViD-19 sa pamamagitan ng tunay at buong-pusong pagmamalasakit sa kapwa. Manalangin tayo: **(T)**

L—Para sa ating mga natitipon ngayon: masundan nawa natin si Hesus sa pamamagitan ng pagbabahagi ng mga biyayang ating tinanggap sa mga kapatid nating nangangailangan. Manalangin tayo: **(T)**

L—Para sa mga nagluluksa sa pagpanaw ng kanilang mga minamahal: makatagpo nawa sila ng paglingap mula sa Panginoong nagkakaloob ng buhay na walang hanggan. Manalangin tayo: **(T)**

P—Ama naming Banal, isinugo mo sa amin ang iyong Anak upang pagalingin ang aming katawan, isip, at kaluluwa. Ipagkaloob mong lagi naming pakinabangan ang kanyang kapangyarihang magpagaling ngayon at magpakailanman. **B—Amen.**



Paghahain ng Alay (Tumayo)

P—Manalangin kayo...

B—Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P—Ama naming Lumikha, kami'y iyong pinapagindapat gumanap sa pagdiriwang ng paghahain ng iyong pagliligtas. Ipagkaloob mong ang aming paglilingkod sa iyo ay gawing kalugud-lugod ng mga alay na ito sa pamamagitan ni Hesuskristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan. **B—Amen.**

Prepasyo (Karaniwang Panahon II)

P—Sumainyo ang Panginoon.

B—At sumaiyo rin.

P—Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.

B—Itinaas na namin sa Panginoon.

P—Pasalamat natin ang Panginoong ating Diyos.

B—Marapat na siya ay pasalamat.

P—Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat sa pamamagitan ni Hesuskristo na aming Panginoon.

Lubhang nabagabag ang kanyang loob sa pagkakamali ng tao sa sansinukob, kaya't minabuti niyang siya'y ipanganak ng Birheng bukod mong pinagpala sa babaing lahat. Sa labi ng imbing kamatayan kami ay inagaw ng namatay mong Anak. Sa pagkabuhay niya, kami'y kanyang binuhay upang kaugnayan namin sa iyo'y huwag magwakas.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B—Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga Hukbo napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo Osana sa kaitaasan. Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon Osana sa kaitaasan! (Lumuhod)

Pagbubunyi (Tumayo)

B—Sa krus mo at pagkabuhay kami'y natubos mong tunay. Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.

PAKIKINABANG

Ama Namin

B—Ama namin...

P—Hinihiling naming...

B—Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen.

Pagbati ng Kapayapaan

Paanyaya sa Pakikinaabang (Lumuhod)

P—Ito ang Kordero ng Diyos. Ito ang nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B—Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona sa Komunyon

(Slm 103:1)

Kaluluwang aking taglay, Poon ay 'yong papurihan. Tanang aking kakayahan, purihin mo kailanman ngalan ng Poong Maykapal.

Panalangin Pagkapakinabang (Tumayo)

P—Ama naming mapagmahal, buhayin nawa kami ng aming inihain at pinagsaluhan upang kaming pinagbuklod sa pag-ibig mo kailanman ay magkaroon ng bungang lagi naming maiaalay sa pamamagitan ni Hesuskristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen.

PAGTATAPOS

P—Sumainyo ang Panginoon.

B—At sumaiyo rin.

Pagbabasbas

P—Magsiyuko kayo habang iginagawad ang pagbabasbas. *(Tumahimik)*

Gawaran nawa kayo ng pagpapala ng maawaing Diyos upang lagi ninyong mapahalagahan ang kanyang karunungan nagdudulot ng kaligtasang walang hanggan.

B—Amen.

P—Gawaran nawa ng katatagan ng Diyos ang inyong pananampalataya na nasasalig sa kanyang pagmamahal upang mamalagi kayong nagsisikap gumawa ng kabutihan ngayon at magpasawalang hanggan.

B—Amen.

P—Patnubayan nawa ng Diyos ang inyong paglakad sa daang hahantong sa kanya upang inyong taluntunin ang landas ng pag-ibig at kapayapaang walang hanggan. **B—Amen.**

P—Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos, Ama at Anak (†) at Espiritu Santo.

B—Amen.

Pangwakas

P - Humayo kayong taglay ang pag-ibig upang ang Diyos ay mahal inalin at paglilingkuran.

B - Salamat sa Diyos.

DO YOU WANT TO
SUBSCRIBE
TO SAMBUHAY DIGITAL MISSALETTE?

FB: Sambuhay Missalette
GMAIL: Sambuhay@stpauls.ph
TEL: (02) 8895-9701